REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-216

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PAGBATI AT PAGBIBIGAY NG PAGPAPAHALAGA AT PAGKILALA ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA KAGALANG GALANG NA PUNONG BAYAN IGNACIO "TOTING" R. BUNYE SA PAGKAKAHIRANG SA KANYA BILANG TAGAPANGULO (CHAIRMAN) NG PANGASIWAAN NG KALAKHANG MAYNILA (METROPOLITAN MANILA AUTHORITY)

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kalakhang Maynila ay binubuo ng apat na lungsod at labintatlong bayan;

SAPAGKAT, sa labingpitong punong-lungsod at punong bayan sa Kalakhang Maynila, ang sinumang mahihirang na Tagapangulo ng Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila ay malaking karangalan para sa kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT, sa pagkakahirang kay Punong Bayan Ignacio R. Bunye bilang Tagapangulo ng Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila ay nagdulot ng karagdagang pagkilala at pagtayog ng pangalan ang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, sa pagkakahirang sa ating mahal na Punong Bayan ay lalong tumaas ang pagkilala at paggalang sa isang Taga-Muntinlupa ng iba nating mga kababayan;

SAPAGKAT, ang sipag at talino, katapatan at kahusayan sa pamamahala ni Punong Bayan Bunye sa mga tungkuling kanyang ginagampanan ay nararapat lamang maibahagi para sa kapakanan at kapakinabangan hindi lamang ng Bayan ng Muntinlupa kungdi ng Kalakhang Maynila sa kabuuan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng malugod na pagbati at pagbibigay ng pagpapahalaga at pagkilala ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa Kagalanggalang na Punong Bayan Ignacio "Toting" R. Bunye sa pagkakahirang sa kanya bilang Tagapangulo (Chairman) ng Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila (Metropolitan Manila Authority).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 171st regular na pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Setyembre 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim